## Tala: 1

Tigdas(includes abstract) Alan R; Horn DL; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, January 2009; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010061932

Abstract: Ang tigdas ay impeksiyong dulot ng virus na lubhang nakakahawa. Nagdudulot ito ng lagnat, ubo, at pantal. Dating karaniwang karamdaman sa pagkabata, ngayon ay bihira nang nakikita sa US, dahil sa paggamit ng bakuna sa tigdas .

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog


# Tigdas

**(Rubeola)**
ni: Rick Alan

[View English Version]

**Kahulugan**
Ang tigdas ay impeksiyong dulot ng virus na lubhang nakakahawa. Nagdudulot ito ng lagnat, ubo, at pantal. Dating karaniwang karamdaman sa pagkabata, ngayon ay bihira nang nakikita sa US, dahil sa paggamit ng bakuna sa tigdas .

**Pantal ng Tigdas**



*© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

**Mga Sanhi**
Kumakalat ang virus ng tigdas sa pamamagitan ng:

- Direktang pagkakadikit sa mga lumalabas sa ilong o lalamunan ng mga taong may tigdas
- Pagkalat sa hangin (hindi kasing dalas)

Ang tigdas ay nakakahawa mula:

- 1-2 araw bago ang paglitaw ng mga sintomas
- 3-5 araw bago ang pantal
- Mga apat na araw pagkatapos ng paglabas ng pantal

**Mga Nagbibigay Panganib**
Pinapataas ng mga salik na ito ang iyong tsansang magkaroon ng tigdas:

- Hindi nabakunahan o kulang na bakuna

- Paninirahan sa masikip at/o maduming mga kondisyon
- Paglalakbay sa mga hindi gaanong maunlad na bansa kung saan karaniwan ang tigdas
- Panahon: taglamig at tagsibol
- Kalagayan kung saan hindi gumagana ang immune system (halimbawa, hindi ginagamot na HIV ), kahit pa nabakunahan
- Ipinanganak paglampas ng 1956 at hindi kailanman nasuring may tigdas o tumanggap ng bakuna bago 1968

Sabihin sa iyong doktor kung mayroon ka ng anuman sa mga salik ng panganib na ito.

**Sintomas**
Kabilang sa mga sintomas, na kadalasang nangyayari mga 8-12 araw kasunod ng pagkakalantad, ang:

- Lagnat (madalas na mataas)
- Tumutulong uhog sa ilong
- Mapulang mga mata
- Ubong patikhim
- Masakit na lalamunan
- Pagkapagod
- Napakaliliit na mga batik sa loob ng bibig ( mga 2-4 na araw pagkatapos ng mga paunang sintomas)
- Nakaangat, makating pantal:
    - Nagsisimula sa paligid ng mga tainga, mukha, at tagiliran ng leeg 3-5 araw pagkatapos na lumitaw ang mga paunang sintomas
    - Sa kalahatan ay kumakalat sa mga braso, katawan, at mga binti sa kasunod na dalawang araw
    - Nagtatagal nang mga 4-6 na araw

Sa kalahatan ay nangyayari ang lubusang paggaling, nang walang pagpepeklat, nang mga 7-10 araw mula sa paglitaw ng pantal.

**Pagsuri**
Magtatanong ang doktor tungkol sa iyong mga sintomas at kasaysayang medikal, at magsasagawa ng eksaminasyong pisikal. Ginagawa ang pagsuri mula sa mga sintomas at ang pantal. Kadalasang hindi kinakailangan ang mga pagsusuri sa laboratoryo.

**Paggamot**
Dahil ang tigdas ay dulot ng virus, hindi ito maaaring gamutin ng mga antibiotic. Ang layunin ay maibsan ang mga sintomas.

## Mga Paraang Pagpapaginhawa

- Magmumog ng maligamgam na tubig na may asin upang maibsan ang pananakit ng lalamunan. Nakakatulong din ang paggamit ng humidifier.
- Gamutin ang mataas na lagnat ng gamot na hindi aspirin, gaya ng acetaminophen . Maaaring makatulong din ang pagpupunas ng malamig na tubig gamit ang espongha o bimpo.
    - **Tandaan:** Hindi inirerekomenda ang aspirin para sa mga bata o kabataang may kasalukuyan o kamakailan lang na impeksiyong dulot ng virus. Kausapin ang iyong doktor bago bigyan ang iyong anak ng aspirin.
- Magpahinga nang sapat.
- Uminom ng maraming tubig.
- Kumain ng malambot, matabang na diyeta.

## Mga kumplikasyon

Sa karamihan ng mga kaso, bihira ang mga kumplikasyon. Maaaring kailanganin mong maospital kung

mayroon kang malubhang kaso o may mga kumplikasyon, gaya ng encephalitis o pulmunya dulot ng bacteria.

## Pag-iwas

Pagpapabakuna ang pinakamabuting paraan upang maiwasan ang tigdas. Ang bakuna ay naglalaman ng buhay na mga virus na hindi na makapagdudulot ng karamdaman.

- Kadalasang ibinibigay ang bakuna bilang bahagi ng pinagsamang bakuna sa tigdas, beke , at rubella (MMR) nang dalawang beses: sa 12-15 buwan at muli sa 4-6 na taon (o sa 11-12 taon).
- Sa ilang mga kaso, maaaring makaiwas o bawasan ang mga sintomas ng bakuna sa tigdas na ibinigay sa loob ng tatlong araw pagkatapos malantad.
- Ibinibigay ang immune globulin sa ilang hindi nabakunahang mga tao (halimbawa, mga sanggol, mga babaeng buntis) sa loob ng anim na araw pagkalantad.

Tanungin ang iyong doktor kung nararapat sa iyo ang bakuna. Sa kalahatan, iwasan ang bakuna kung ikaw ay:

- Nagkaroon ng malubhang allergy sa mga bakuna o sangkap ng bakuna
- Buntis—Iwasan ang pagbubuntis nang 1-3 buwan pagkatapos tumanggap ng bakuna.
- May huminang immune system
- May mataas na lagnat o malubhang impeksiyon sa itaas na bahagi ng respiratory tract

Kung hindi ka nabakunahan, iwasan ang pakikipagdikitan sa taong may tigdas.

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. January 2009
**Numero ng Item:** 2010061932